Paninindigan hinggil sa *fiscal crisis* at ang mga kagyat na tungkulin ng Bayan

September 9, 2004
Pambansang Kalihiman
Bagong Alyansang Makabayan

> *"As a semi-colony, the Philippines cannot continue to operate without an adequate supply of US dollars. And yet, as it tries to acquire such, it is bogged deeper in colonial exploitation and crisis. Because of the chronically inadequate dollar earnings of Philippine raw materials, the reactionary government has to beg the US monopoly banks and the international financial institutions under US control for more loans at increasingly onerous terms. The Philippines is mortgaged and auctioned off so easily. The critical point has been reached in foreign borrowings so much so that devaluation has been repeatedly imposed on the peso currency and the reactionary government has already become hysterical even only on the matter of "restructuring" its old debts. But it must still get new loans on more onerous terms in order to be able to import the finished goods which its colonial economy does not produce."*
>
> Chapter Two, Basic Problems of the Filipino People
> Philippine Society and Revolution

Nitong mga nakaraang linggo ay inamin ng gobyernong Arroyo at ng mga ekonomistang nasa akademya mula sa UP School of Economics na ang Pilipinas ay nahaharap sa isang malalim na fiscal crisis. Hindi na maikukubli ang napakalaking utang at depesito sa badyet at kawalan ng kakayahang magbayad ng utang na maaaring humantong sa panibagong pagbulusok ng ekonomya.

Sinasabing nagkakaroon ng fiscal crisis kapag hindi na sapat ang kita ng gobyerno o kaya'y di na ito makautang para matugunan ang malaking gastusin nito. Pinakamalaki sa mga gastusin na ito ay ang pagbabayad ng utang. Said na ang pondo ng gobyerno. Kumakaharap ito sa pinakamalaking depisito sa budget sa kasaysayan ng Pilipinas, halos P200 bilyon sa pagtatapos ng 2003.

Inaamin ng gobyerno at ng mga ekonomista na sa loob ng dalawa hanggang tatlong taon maaaring hindi na makabayad ng utang ang Pilipinas dahil wala na itong sapat na pondo. Kapag nangyari ito, ipinangangamba nila ang pagtanggi ng iba pang dayuhang nagpapautang (foreign lenders) sa panibagong pagpapautang, higit na paglaki ng depisito dahil sa kawalan ng pondo, paglabas ng foreign investments pati na lokal na capital mula sa bansa (capital flight), pagbagsak ng halaga ng piso, resesyon at malawakang tanggalan sa trabaho.

Bukod sa patuloy na pangungutang, sinasabi rin ng gobyerno na hindi maiiwasan ang pagkakaroon ng panibagong buwis para madagdagan ang pondo ng gobyerno.

Ang rehimeng Arroyo ang pinakabaon sa utang sa kasaysayan ng Pilipinas. Ang kabuuang National Government (NG) debt ay umaabot sa P3.4 trillion sa pagtatapos ng 2003. Katumbas ito ng 78% ng Gross Domestic Product (GDP). Tumaas pa ito sa P4.1 trillion sa pagtatapos ng Pebrero 2004. Aabot naman sa P5.4 trillion ang kabuuang Public Debt sa pagtatapos ng 2003. Katumbas nito ay 130%% ng GDP.

Ang rehimeng Arroyo din ang may pinakamalaking inilaan sa pagseserbisyo ng utang sa kasaysayan ng bansa. Naglaan ito ng P470 billion para sa pambayad-utang noong 2003. Katumbas ito ang 75% ng kabuuang kita (revenue) ng gobyerno at 10.8% naman ng GDP. Sa taong 2004 ay naglaan ang rehimen ng P542 billion o katumbas ng 80.4% ng kabuuang kita ng gobyerno. Para sa 2005, naglaan ito ng P695 billion o katumbas ng 92% ng kabuuang kita ng gobyerno.

Malaking bahagi ng tinatawag na public debt ay kinabibilangan ng mga iligal, di makatarungan at makaisang panig na mga utang at kontrata. Halimbawa na dito ang kabuuang utang ng National Power Corporation (NAPOCOR) na aabot sa P1.2 trillion. Malaking bahagi nito ay mga utang ng NAPOCOR sa mga foreign creditors tulad ng World Bank (WB) at Asian Development Bank (ADB), at mga obligasyon ng NAPOCOR sa mga independent power producers (IPPs) para sa "contracted power" o kuryenteng dapat bayaran kahit hindi nalikha o ginamit. Ang mga utang na ito ay inaako ng gobyerno at ipinapasa ang pagbabayad sa mamamayan. Ayon mismo sa gubyernong Arroyo, halos lahat ng mga kontrata sa IPP, liban lamang sa 5, ay may problemang teknikal, pinansyal at ligal.

Ang kasalukuyang fiscal crisis ay maaari ding tumungo sa isang financial crisis kung saan ang buong ekonomya (gobyerno, kumpanya, empresa at mga tahanan) ay di na kumikita o di na makautang nang sapat para pambayad ng gastusin. Ang fiscal crisis ay madaling tumungo sa isang financial crisis dahil ang gobyerno ang pinakamalaking entidad na may utang sa bansa.

Kung sa isang fiscal crisis hindi na kumikita ni makautang ang gobyerno nang sapat, sa financial crisis naman ay hindi na kumikita o makautang ang buong ekonomya.

Isang indikasyon ng financial position ng bansa ay ang balance of payments (BOP) na sa ngayon ay may surplus pa na US$~~P~~111 milyon matapos ang 2003. Pero huwag tayong malalansi sa pagkakaroon ng BOP surplus na ito.

Ang BOP ay tinuturing na rekord ng transaksyon sa pagitan ng Pilipinas at buong mundo. Binubuo ito ng tinatawag na current account at capital account. Sa pagsasama ng dalawa nakukuwenta ang BOP.

Sa kasaysayan ng bansa ay mapapansing minsan ay may surplus ang BOP, minsan naman ay nasa depisito. Sa current account ng BOP napapaloob ang kita o lugi ng bansa sa kalakalan, pagluluwas ng kita (repatriation of profits) ng mga MNCs, ang pagbabayad ng interes sa utang at pagpasok ng mga OFW remittances. Sa capital account naman matatagpuan ang pagpasok ng bagong pautang at mga foreign investments, maging foreign direct investments (FDI) o foreign portfolio investments na ang katangian ay ispekulatibo.

Kung sa gayon, mas mahalagang sukatan ang current account. Dito makikita kung paano nalulugi ang bansa.na nagreresulta sa napakalaking depisito sa current account. Sa pagkakataong ang current account ay nagiging surplus, ito'y kadalasan dahil sa mga OFW remittances na nagkakahagala na ng $7-8B kada taon. Kapag pinagsama na ang current at capital accounts para sa kabuuang BOP, napagtatakpan naman ng pangungutang ang current

account deficit. Sa gayon higit na nalulubog sa utang ang bansa habang hindi naman nareresolba ang palagiang depisito sa kalakalan (trade deficit).

Sa kasalukuyan ang trade deficit ay umabot na ng $1.3 B sa taong 2003 mula sa $407 M na surplus noong 2002. Nakakabahala din sa gobyerno ang pagbagsak ng foreign direct investment (US$161 M sa 2003 mula sa US$1.7 B noong 2002), at ang pagbagsak ng foreign portfolio investment (*negative* US$706 M mula US$1.1 B noong 2002). Maging ang taunang tantos ng paglago (annual growth rate) ng OFW remittances ay bumabagal na rin. Ang mga ito ay senyales o kundisyon para sa pagsambulat ng isang panibagong financial crisis tulad noong 1997.

Krisis ng malapyudal at malakolonyal na lipunan

Naninindigan ang Bagong Alyansang Makabayan na ang sumasambulat na fiscal crisis at ang nagbabadyang pag-ulit ng financial crisis ay bahagi ng pangmatagalang krisis ng lipunang malapyudal at malakolonyal. Ang krisis na ito ay nagmumula sa imperyalistang paghahari sa ekonomya, atrasadong sistemang malapyudal, at patuloy na pagsahol ng burukrata kapitalismo.

Ito ang sistemang pinaghaharian ng monopolyo kapitalista, burges komprador at panginoong maylupa. Pinagsasamantalahan ng imperyalismo ang bansa at pinapanatili itong atrasado upang makontrol ang suplay ng hilaw na materyales, pagsamantalahan ang murang lakas paggawa, tambakan ang bansa ng surplas na produkto at kapital mula sa imperyalistang bayan at itali ang ekonomya sa internasyunal na usura at pandaigdigang sistema ng monopolyo kapitalismo.

Ang pundamental na katangian ng ekonomya ay atrasado, pre-industrial at agraryo. Nakatuon ito sa pag-eksport ng hilaw na materyales at mga semi-processed at assembled low-value added goods at pag-angkat ng capital goods tulad ng makina, produktong wala ang bansa tulad ng langis at iba pang manufactured goods. Ito ang tinatawag na kolonyal na kalakalan (colonial pattern of trade) na lalong pinasahol ng mga patakarang nagbunga ng export-oriented, import-dependent economy kung saan ang dulot ay chronic balance of trade (BOT) at current account deficit.

Bigyan pansin na sa paglipas ng panahon, paliit ng paliit ang kita sa ganitong klaseng mga export lalo't may overproduction na ng raw materials at semi-processed goods sa world market mula pa noong 70s at 80s.

Nitong huli, umaasa na ang mga sunod-sunod na reaksyunaryong gubyerno, mula pa kay Marcos, sa labor export policy, para pagkakitaan ang pagbebenta ng lakas paggawa sa labas ng bansa at upang ibsan ang pagsambulat ng sigalot sa lipunan dulot ng malawakang kawalan ng trabaho at hanapbuhay.

Sabihin pa na sa panahon naman ng imperyalistang globalisasyon, ang anumang nakatayong "industrya" at agrikultura ay pinapatay na ng mga neoliberal na patakarang liberalisasyon,

pribatisasyon at deregulasyon. Sa usapin ng pakikipag-kalakalan, pati mga consumer goods tulad ng pagkain na dating gawa at binebenta sa bansa at mga non-essential goods tulad ng iba't ibang electronic products at iba pang luho ng mga nakaririwasa ay bumabaha sa bansa.

Dahil walang sapat na kinikita ang lokal na ekonomya bunga ng kolonyal na kalakalan, umaasa ang gobyerno sa dayuhang pautang para sa kinakailangang *foreign exchange* pambayad sa mga inaangkat na produkto at panustos sa gastos ng pamahalaan.

Nagiging palaasa din ang gobyerno sa tinatawag na mga dayuhang mamumuhunan (mga kompanya't bangkong monopolyo kapitalista) para patakbuhin ang napakalimitadong mga industriya. Hindi pa rin tumutungo sa tunay na industriyalisasyon ang bansa dahil ang katangian ng mga "industriyang" itinatayo ay extractive (tulad ng pagmimina) at mga semi-processing (tulad ng garments, electronics) kung saan murang lakas paggawa lamang ang dagdag na halaga at mahigit 90% ay gumgamit ng mga sangkap na imported.

Dagdag pa, sa halip na mapaunlad ang bansa, hinihigop ng mga dayuhang monopolyo kapitalistang ito ang limitadong pinansya at rekursyo ng bansa sa pamamagitan ng pagkuha ng kanilang capital sa pangungutang sa mga lokal na bangko (hindi pagpapasok ng sariling puhunan) at repatriation ng bilyon bilyong dolyar na kita palabas ng bansa.

Ang malapyudal na ekonomya ay kinatatangian ng malawak na dagat ng kahirapan. Ayon sa census data ng pamahalaan, 75% o 58 milyong Pilipino ay napipilitang mabuhay saP82 kada araw. 90% naman ng populasyon ay nabubuhay sa P137 o mas mababa pa kada araw. Ayon naman sa Asian Development Bank (ADB) sa ulat na inilabas nitong 2004, 12% ng Pilipnio ay nasa "extreme poverty" o napipilitang magkasya sa $1 (P55) o mas mababa pa kada araw.

Napakakipot ng *tax* at *revenue base* ng gubyerno dahil anumang nalilikhang sarplas ng ekonomya ay nilalamon lamang ng dayuhang monopolyo kapital at mga lokal na naghaharing uri. Dagdag pang dahilan ang pangungurakot na nangyayari sa pamahalaan tulad ng malakihang tax evasion ng mga MNCs at mga kumpanya ng burgers komprador habang pinipiga ang mamamayan ng regressive, indirect taxes tulad ng VAT.

Kahit ang mga ekonomista sa akademya ay nagsasabi na sa mahabang panahon, nasa mahigit 4.6% lamang ang taunang growth rate ng bansa. Hindi ito inaasahang signipikanteng lalaki pa sa mga darating na taon. Ang sinasabing tantos ng pag-laki ng ekonomya (growth rate), kahit sa pamantayang burgis, ay hindi makasasapat para maiahon ang bansa sa krisis sa pinansya.

Kamakailan lang ay inihayag ng gobyerno ang tila "milagrong" paglago ng GDP ng 6.2% noong ikalawang kwarto ng taong 2004. Pero ayon na rin sa mga economic analysts bunga ito ng malakas na tulak ng paggastos sa eleksyon at ang paggastos sa sektor ng telecommunications (cellphones, call centers etc). Hindi ito sumasalamin sa totoong batayan ng pag-unlad ng ekonomya at hindi rin masusustine hanggang sa pagtatapos ng taon.

Kumunoy ng pautang at internasyunal na usura

Bunga ng kawalan ng pag-unlad bagkus pagkabansot ng ekonomya, palaasa sa utang panlabas ang lahat ng nagdaang papet na rehimen. Sa kanilang punto de bista at batay sa kalakaran sa

isang malapyudal at malakolonyal na sistema, walang ibang paraan para bayaran ang utang kundi ang pangungutang muli. Sa ganitong paraan patuloy na nababaon at natatali ang bansa sa tinatawag na internasyunal na usura.

Sinadya ng imperyalismo ang adiksyon ng Pilipinas sa dayuhang pautang. Ang adiksyon sa utang ay nakalalason sa ekonomya pero patuloy na umaasa rito ang gobyerno. Binibigyan nito ng panandaliang "lunas" ang mga malalalim na problema ng depisito sa badget at depisito sa BOP pero ang kapalit ay pangmatagalang pagkalugmok ng ekonomya.

Ang adiksyon sa utang ay malulunasan lamang sa pamamagitan ng paghinto sa adiksyon. Ang pagkakatali sa utang ay ginagamit ng mga internasyunal na usurero tulad ng IMF-WB at ADB para patuloy na pahigpitin ang kontrol ng imperyalismo sa bansa tulad ng mga dikta at mga kundisyon sa pautang gaya ng mga structural adjustment program. Partikular na halimbawa ay ang NAPOCOR. Kapalit $1 bilyong utang kailangang isapribado ang NAPOCOR at hayaang kontrolin ng mga dayuhang korporasyon ang estratehikong industriya ng kuryente.

Sa ilalim ni Arroyo, tinatayang katumbas ng 6.6% ng GDP ang inutang ng gubyerno mula 2002-2003. Isa ito sa pinakalamalaki sa nagdaang dalawa't kalahating dekada. Kung noong 1997 ay nagagawa pa ng gobyerno ang magkaroon ng net payment na P27.1 billion (ibig sabihin ay nakabawas pa ng utang) noong 2003 ay bumagsak ang gobyerno sa net borrowing na P286.8 billion.

Mula Marso hanggang Hulyo ng kasalukuyang taon, umakyat naman ang kabuuang foreign debt ng bansa mula $57.4 bilyon. Hindi na kayang kumawala ang Pilipinas sa kumunoy o adiksyon sa utang.

Isa sa saligang kahinaan ng papel na inilabas ng mga propesor ng UP School of Economics, "The deepening crisis: the real score on deficits and the public debt", ay ang hindi nito pagkwestiyon sa pangangailangan ng higanteng dayuhang pautang para tumakbo ang ekonomya. Para sa mga burgis na ekonomista, natural o walang ibang magagawa at katanggap-tangap na umutang ang isang bansa tulad ng Pilipinas. Tila ba wala nang dapat pagtalunan sa isyung ito.

Kaya puro pahapyaw o superpisyal ang mga solusyon na inihahapag sa papel ng mga taga-akademya. Huwag pagsalo ng utang ng mga government-owned and controlled corporations (GOCCs) at sa halip ay ipasa na lang sa consumer sa pamamagitan ng mas mataas na presyo ng mga serbisyo tulad ng kuryente, tubig, at pasahe sa railway; pribatisasyon ng mga public utitilities; pagpili ng buwis na madaling ipataw (tulad ng sin taxes); episyenteng koleksyon ng VAT (kahit pa regressive taxation ito); pagpataw ng excise tax sa produktong petrolyo at pagbawas ng pork barrel at IRA.

Ang makitid sa pananaw na ito ay umiiwas sa mga pundamental na usapin ng kawalan ng nagsasariling pag-unlad, dayuhang pandarambong sa ekonomya, internasyunal na usura at imperyalistang kontrol sa bansa sa pamamagitan ng finance capital. Kaya sa dakong huli, tingin ng mga naturang ekonomista na anumang solusyon sa krisis ay kailangang

mangahulugan ng patuloy na pag-asa sa at pagbabayad ng utang. Ni walang pagtalakay ang mga ekonomista sa usapin ng mga di makatarungang utang at kontrata at kung paano haharapin ang mga ito sa gitna ng fiscal crisis.

Pagragasa ng imperyalistang globalisasyon

Ang kasalukuyang fiscal crisis at nagbabadyang financial crisis ay may batayan sa atrasadong ekonomya na pinalala ang pagka-atrasado nitong nakaraang dalawang dekada ng mga patakarang neoliberal o ang tinaguriang imperyalistang "globalisasyon".

Higit na naging mabangis ang pananalanta ng imperyalismo dahil sa mga neoliberal na patakarang itinaguyod ng kasalukuyan at nagdaang mga rehimen. Ang pagbabawas ng taripa sa mga imported na produkto bilang pagtupad sa komitment natin sa trade liberalization regime sa ilalim ng World Trade Organization (WTO) ay nagresulta sa malaking pagkawala ng kita ng gobyerno na umaabot sa P100 bilyon kada taon mula 1998. Hindi pa kasama dito ang malubhang pinsalang nalilikha sa ekonomya dahil sa pagbaha ng dayuhang produkto (dumping).

Dahil din sa pagtindi ng patakarang investment liberalization, lalu na sa ilalim ng rehimeng US-Ramos, ang mga dayuhang kapitalista sa mga investment enclaves o special economic zones ay binibigyan ng napakaraming insentibo at subsidyo tulad ng mga tax breaks, tax holidays, tax credits, equalization of royalties at iba pa. Sa mga insentibong ito ay tinatayang nawawalan ang gobyerno ng P170 bilyon kada taon mula 1998. Kamakailan ay inamin ng Department of Finance na nawalan ang gobyerno ng P229 bilyon na potensyal na kita dahil lamang sa mga tax breaks at duty exemptions para sa mga negosyo. Tinanggal na rin ang halos lahat ng restricted o protected areas of investment sa dayuhang capital. Ang ginagawa ng mga MNCs na paghigop ng yaman ng bansa sa pamamagitan ng repatriation ng kanilang tubo ay lalong pinadali.

Kamakailan ay nailathala na mahigit P1.3 bilyong halaga ng mga tax credits ang nawala sa gobyerno dahil sa mga iligal na praktika ng mga malalaking negosyo. Kabilang sa mga nasangkot sa tax credit scam ay ang dayuahng kompanya ng langis na Pilipinas Shell sa halagang P600 milyon.

Ang gobyerno din ang nagtitiyak na kumikita ang mga dayuhang korporasyon sa industriya, pinansya at agri-business sa pamamagitan ng pagbibigay ng mga maka-isang panig na kontrata at sovereign guarantees sa mga utang at kontrata. Sa ganitong paraan nagkandalugi-lugi ang NAPOCOR nang pumasok ito sa mga "take-or-pay" contracts sa kuryente. Obligasyong ng gobyerno na bayaran ang mga dayuhang IPPs, gamitin man o hindi ng NAPOCOR ang kuryente na kinontrata sa huli; ganito na nga ang nangyari nang may sobrang kuryente ang NAPOCOR na hindi maibenta. Ganito rin ang contract terms sa Metro Rail Transit kung saan obligado ang gobyerno na magbayad sa kontratista, sa itinakdang presyo, mapuno man o hindi ang MRT. Ibang usapin pa ang mga proyekto na binigyan ng sovereign guarantee kung saan ang lahat ng mga inutang para sa proyekto ay garantisado ng gubyerno ng Pilipinas na babayaran nito – ibig sabihin, ng mamamayan --malugi man ang proyekto. Halimbawa dito ang build-operate-transfer IPP project ng dayuhang korporasyong IMPSA.

Ito ang Caliraya-Botocan-Kalayaan (CPK) project na binigyan ng sovereign guarantee at ipinasa ng rehimeng US-Arroyo wala pang dalawang buwan ang pagkakaupo sa pwesto. Sa katotohanan, pinagkakitaan ito ng tatlong gubyerno, kay Ramos, Estrada at pinakahuli ay ang kay Arroyo.

Pananalitili ng korapsyon, burukrata kapitalismo

Corruption ang isa sa mga sinasabing dahilan ng pagkaubos ng pondong publiko. Tinatayang 20% ng pambansang badyet ay napupunta sa korapsyon. Ang ganitong kalagayan ay bahagi lamang ng mas malawak na problema ng burukrata kapitalismo sa ating bansa.

Sa kasaysayan ng Pilipinas, gumamit ang imperyalismong US ng mga lokal na naghaharing uri bilang katuwang sa pagpapanatili ng kolonyal, at nang yumaon, ng malapyudal at malakolonyal na kaayusan. Ang mga kolonyal na burukrata noong simula ay naging mga burukrata kapitalista sa neokolonyal na estado.

Ang mga burukrata kapitalista ay nakikibahagi sa yamang pinipiga ng mga komprador at panginoong maylupa habang itinataguyod ang interes ng imperyalismong US. Ginagamit nila ang gobyerno bilang isang malaking pribadong empresang na pinagkukunan ng pribadong kita. Sa ganitong kalakaran ay integral ang tinatawag na “graft and corruption” sa estado ng Pilipinas.

Sa ilalim ng rehimeng Arroyo, ilan lang sa mga manipestasyon nito ang mga ss:

a) mga kontribusyon sa kampanya na hindi deklarado (ginamit na palusot sa Jose Pidal account)
b) overpricing ng mga proyekto o kagamitan, pagbibigay ng pabor sa mga kontratista kapalit ng kickbacks, mga kontratang malaki ang disbentahe sa publiko atbp. (President Diosdado Mcapagal Avenue scam)
c) paggawa ng mga batas na pumapabor sa malalaking dayuhan at lokal na interes, kapalit ng iba’t ibang klaseng suhol (EPIRA at iba pang batas na ini-lobby ng AGILE)
d) ginagawang gatasan ang mga financial institutions tulad ng SSS, GSIS at mga government-owned and corporations GOCC tulad ng NAPOCOR, PAGCOR atbp.
e) pagwaldas ng pondong publiko sa eleksyon (PAGCOR, PCSO, OWWA, DA)
f) at maging pagpasok sa mga sindikatong kriminal (proteksyon ng sugal, droga, kidnapping, smuggling at iba pang krimen)

Pinag-iinitan ngayon ni Arroyo ang pagbawas o paghinto sa Internal Revenue Allotment para sa mga LGU’s at pag-alis sa Priority Development Assistance Fund o pork barrel ng mga kongresista’t senador. Isang malaking kalokohan ito kung titignan ang bilyong pisong discretionary fund, social fund, intelligence fund at iba pang ispesyal na pondo na nakasentro sa opisina ng pangulo at mga departamento nito. Kung tutuusin, ang pinakamalaking pork barrel ay nakakonsentra kay Arroyo.

Nais ni Arroyo na palitawin na may ginagawa siya sa usapin ng budget deficit kaya niya pinag-iinitan ang pork barrel at IRA ng LGUs. Gamit ang popular na linya laban sa pork barrel, inililihis din ni Arroyo ang atensyon ng publiko sa usapin ng malawak na katiwalian sa loob ng ehekutibo. Lalong inililihis niya ang atensyon ng publiko sa mga pundamental na usapin ng debt servicing at military spending. Di hamak na mas malaki ang napupunta rito kung ihahambing sa pork barrel allocations ng mga mambabatas.

Hindi maitatanggi na ang pork barrel ay matagal nang sanhi ng korapsyon. Makatwiran ang pag-abolish sa lahat ng pork barrel habang pinapalaki naman ang badyet para sa serbisyong panlipunan tulad ng edukasyon, kalusugan, pabahay at iba pa. Subalit walang pakinabang ang mamamayan kung ang pondo ng pork barrel ay ililipat lang sa bayad utang, militar at kurapsyon sa ehekutibo.

Ang IRA naman ay mahalaga para sa mga lokal na pamahalaan dahil dito nila kinukuha ang kalakhan ng panggastos para sa operasyon at mga serbisyo, lalo't maraming mga serbisyong panlipunan tulad ng kalusugan ang "devolved" o pinaubaya na sa lokal na pamahalaan sa ilalim ng Local Government Code.

Higit pa sa pag-abolish ng pork barrel, dapat singilin ang rehimeng Arroyo sa naging malaganap na paggamit nito ng pondong publiko para sa kampanya at eleksyon noong Mayo 2004. Bilyon-bilyong piso mula sa PAGCOR, PCSO, OWWA, DA at iba pang ahensya ang ginamit para lamang suportahan ang kampanya ni Arroyo. Bago pa nito ay ang mga proyektong pinasok ng gobyerno na overpriced at puno ng anomalya tulad ng P1 bilyon Pres. Diosdado Macapagal Avenue. Walang kredibilidad ang gobyernong ito na manawagan ng pagbawas ng pork barrel at IRA, lalo't ito ang promotor ng pinakamasahol na paglustay ng pondong publiko. Walang kredibilidad ang gobyernong ito na manawagan ng "austerity" o pagtitipid dahil noon lamang nakaraang eleksyon ay todo ang luho ng gobyerno sa paggastos sa kampanya ni Arroyo. Kamakailan isinama ni Arroyo ang kanyang buong pamilya, pati mga apo at yaya nito, sa state visit niya sa China.

Epekto ng krisis sa mamamayan

Ang sistemang ng pagbubuwis na umiiral sa Pilipinas ay kinatatangian ng pagiging regresibo. Ibig sabihin ang higit na pinapatawan ng buwis ay iyong mahihirap at hamak na mas maliit ang kapasidad na magbayad, habang ang mayayaman ay nakakalusot o di nagbabayad ng sapat. Anumang panukalang buwis na nasa balangkas ng ganitong sistema ay nagiging pabigat sa mamamayan.

Di rin makatarungan ang mga buwis na ito kung ang tanging layunin ay patuloy na bayaran ng mamamayan ang mga utang na hindi nila pinakinabangan. Hindi katanggap-tangap ang mga panukalang ito lalo't ang direksyon ay patuloy na itali ang Pilipinas sa bagbabayad sa internasyunal na usura.

Sa kanyang State of the Nation Address naglahad si Arroyo ng walong revenue generating measures na may layuning makatipid o makakolekta ng karagdagang P80 bilyon para sa taong

kasalukuyan. Bago pa nito ay nangako na si Arroyo na babalansehin ang badyet ng bansa, bagama't nakatarget na ang P197 bilyong depisito para sa taong ito.

Sa pananaw ng rehimen, at maging ng mga ekonomista sa akademya, kailangang magpataw ng panibagong buwis para mapigilan ang tuluyang pagsambulat ng krisis sa pinansya. Kabilang dito ang pagdagdag ng taripa sa produktong petrolyo, buwis sa mga telecoms, pagpapalaki ng VAT mula 10% patungong14%, shift from income to gross taxation at indexation ng mga sin taxes sa sigarilyo at alcohol.

Anumang buwis na ipapataw sa mamamayan, lalo't sa balangkas ng kasalukuyang mga patakaran sa ekonomya, ay magiging mapaniil at mapagsamantala. Pag-iibayuhin lang nito ang dati nang mga problema ng atrasadong ekonomya, pagkatali sa utang at malaganap na korapsyon. Pansamantalang lunas lamang ito sa kakulangan ng pondo, pero matinding pabigat naman sa karamihan ng mamamayan. Hindi sinasagot ng panibagong buwis ang mga tunay na dahilan kung bakit nalulubog sa krisis ang bansa.

Halimbawa, ang dalawang mungkahi ng buwis sa produktong petrolyo, ang P2 specific tax at ang dagdag na taripa sa produktong petrolyo, ay tiyak na ipapasa ang buwis na ito sa mga konsyumer.

Ang buwis naman sa mga telecommunications companies ay magagawan din ng paraan para ipasa sa mga konsyumer. Isang halimbawa ay ang tax sa text messaging, na pansamantalang iniatras ng gobyerno bunga ng malakas na protesta ng publiko.

Ang pagpapalaki ng VAT mula 10% tungong 12% at 14% ay direkta ring ipapataw sa mamamayan. Ang regressive tax na ito ay tinatayang kikita ng dagdag na P19.9 billion kada taon sa unang 2% na pagtaas. Tatamaan ng VAT increase ang mga karaniwang serbisyo't bilihin.

Bukod sa pagtaas ng singil ng Napocor, balak din ng gobyerno na magdagdag ng mga bayarin para sa mga serbisyo sa mga korte, pagkuha ng mga lisensya't papeles, at maging sa transportasyon na pag-aari ng gobyerno (MRT).

Di makatarungan ang mga buwis na ito, kung titignan ang nawawalang kita ng gobyerno dahil pa lamang sa mga maling patakarang at kurapsyon. Nasa P100-150 bilyon ang nawawala sa tariff cuts, P32.6 bilyon sa fiscal incentives, P30.7-51.4 bilyon sa VAT evasion, at P51.3 billion para sa income tax evasion.

Habang nakaplano ang pagdadagdag ng buwis, sinisumulan na rin ng pamahalaan ang pagtitipid ng badyet sa serbisyong panlipunan. Lumiit ang tunay na halaga (real value) ng badyet sa edukasyon mula 19.3% (1997) ng kabuuan badyett tungo sa 15.5% (2004) na lamang ng kabuuan. Ganito rin ang nangyari sa kalusugan mula 2.9% (1997) tungong 1.5% (2004). Lalong lumiit ang badyet sa pabahay mula 0.5% (1997) tungong 0.3% (2004). Sa taong ito, ang nakalaang budget sa kalusugan ay nasa P10 bilyon lamang habang ang edukasyon ay meron lamang P112 bilyon. Malayong-malayo ito sa P646 bilyon na nakalaan ng gobyerno sa pagbabayad ng utang.

Nakaamba din ang malawakang tanggalan ng mga kawaning publiko dahil sa privatization, streamlining at mergers ng mga ahensya ng pamahalaan. Tuwing may problema ang gobyerno sa depisito at kailangang magtipid, ang mga kawaning publiko ang isa sa unang isinasakripisyo. Ang pangako ni Arroyo na lilikha ng 6 na milyong bagong trabaho ay naglalantad na hungkag kapag ipinakita na ang libo-libong matatanggal sa trabaho sa sektor publiko.

Ang dapat bawasan ay ang budget ng AFP at PNP subalit habang tumitindi ang krisis sa ekonomya, at lumalakas ang paglaban ng mamamayan, higit na umaasa ang rehimen sa mga instrumento ng pununupil tulad ng mga pwersa ng pulis at militar.

Wakasan ang krisis, isulong ang pambansa demokratikong pakikibaka

Walang ibang makatwirang hakbang ang mamamayan kundi ang puspusang paglaban sa mga kontra-mamamayang patakaran at sa bulok na rehimen US-Arroyo. Pinatunayan ng rehimeng ito na dadalhin nito ang ekonmya ng bansa sa higit na pagkalugi at pagkawasak.

Kailangang labanan ang rehimeng Arroyo tungo sa pagpapatalsik nito hanggang sa makamit ng mamamayan ang malakas na kapangyarihang pampulitika na siyang hahawan ng landas para sa tunay na pag-unlad sa ekonomya. Hangga't ang gobyerno ay pangunahing nagdadala ng interes ng imperyalismo at ng lokal na naghaharing uri, hindi mababago ang mga patakarang naglulubog sa bansa sa ibayong kahirapan. Hangad natin ay hindi lang mga panakip-butas kundi pangmatagalang solusyon sa lumalalang krisis ng malapyudal at malakolonyal na sistema.

Mga bagong buwis at dagdag na bayarin ang pinaka-kagyat at tila tanging solusyon ng pamahalaan sa lumalalang krisis sa pinansya. Walang intensyon ang mga ito na kumawala sa padron ng ekonomya na ibayong naglulubog sa bansa sa utang at krisis. Kailangang biguin ng mamamayan ang panibagong mga pabigat na ito.

Sa halip na bagong buwis, higit na magiging makabuluhang tugon sa fiscal crisis ay ang pag-atras sa mga patakaran ng imperyalistang globalisasyon, pagbabalik ng mga taripa, pagbawas sa mga insentiba sa dayuhang negosyo, paghinto at/o renegosasyon ng mga di makatarungang kontrata, paghabol sa mga malalaking mandarambong (kapwa mga pulitiko at pribadong negosyo lalo na mga dambuhalang MNCs), seryosong pagsugpo sa kurapsyon at pagpapanagot at pagbawi ng mga ninakaw na yaman ng mga pinakamalaking tiwaling opisyal, at paghabol sa mga malalaking kumpanya na umiiwas sa buwis.

Dapat ding suportahan ang mga panawagan ng paglilimita ng pagbabayad ng utang, kasama na ang renegosasyon hanggang sa pagtatakwil ng mga di makatarungang utang. Ang pag-audit sa mga utang na ito ay maaaring makatulong sa paglilinaw sa mga naging katangian ng mga utang at sino ang mga tiwaling nakinabang. Pangunahin na rito ay ang mga utang ng diktadurang US-Marcos tulad ng Bataan Nuclear Power Plant.. Higit pa, dapat wakasan ang relasyong usura sa pagitan ng imperyalismo at ng neo-kolonya.

Magiging kapos ang solusyon sa krisis kung nakasentro lang ito sa pagpapabuti ng tax collection at sa pagbabawas ng lantarang korapsyon. Ang tangi at pangmatagalang solusyon sa fiscal crisis, krisis sa pinansya at krisis ng ekonomya sa pangkalahatan ay ang pagwawakas sa malapyudal at malakolonyal na sistema. Kailangang wakasan ang atrasadong kundisyon at paghahari ng imperyalismo, pyudalismo at burukrata kapitalismo. Hindi makasasapat ang mga panandaliang hakbang na naglalayon lamang pigilan ang panapanahong pag-ulit at pagsambulat ng krisis.

Kailangang pag-ibayuhin ang pakikibaka para sa tunay na reporma sa lupa at sa pambansang industriyalisasyon bilang batayan ng isang nagsasarili at produktibong ekonomya. Ang pagwawakas ng pyudal at malapyudal na relasyon ang mag-aangat ng magpapalaya sa mayorya ng populasyon na mga magsasaka. Sa pamamamagitan ng reporma sa lupa ay mabibigyan ng kapangyarihang pang-ekonomya at pampulitika ang pinakamalaking bahagi ng lipunan. Mapapalaya ang mga pwersa ng produksyon at mapapakilos ito para sa pambansang pag-unlad. Dito rin magmumula ang malaking tulak sa pagkonsumo ng mga yaring produkto at serbisyo, at ng malaking tax at revenue base para sa gobyernong makabayan at maka-mamamayan

Kasabay nito ay kailangang magtuon ang pamahalaan sa pambansang industriyalisasyon na siya namang magwawakas sa ating pag-asa sa imported na produkto at kapital mula sa mga dayuhang usurero. Kailangang isabansa at patakbuhin ng mga Pilipino ang estratehikong industriya at mga bangko at likhain ang kakayanan ng nagsasariling ekonomya na tunay na maunlad at maka-mamamayan.

Alam natin na ang tanging paraan para makamit ito ay sa sama-samang pagkilos at pakikibaka ng mamamayang Pilipino at pakikiisa sa anti-imperyalistang pakikibaka ng mamamayan ng buong daigdig. ####